

Proseso ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Titulo VI ng Sound Transit

Ang sinumang taong naniniwalang nadiskrimina siya sa batayan ng lahi, kulay, o bansang pinagmulan ng Sound Transit ay puwedeng maghain ng reklamo ayon sa Titulo VI. Iimbestigahan ng Sound Transit ang lahat ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa naturang insidente. Para sa mga reklamong ihahain nang higit sa 180 araw pagkalipas ng naturang insidente, susuriin ng Sound Transit kung posible pa ang isang imbestigasyon.

May ilang available na paraan para magsumite ng pormal na reklamo sa Ahensya.

Opsyon #1: Sagutan at isumite ang *nilagdaang* Form ng Reklamo ng Titulo VI na naka-link [dito](#) at makikita sa aming website na soundtransit.org (mag-scroll sa ibaba at i-click ang 'Mga Karapatang Sibil at Mga Reklamo' ['Civil Rights and Complaints']).

Sa pamamagitan ng KOREO O Sa pamamagitan ng EMAIL	
Sound Transit Office of Civil Rights, Equity and Inclusion Union Station, 401 South Jackson St. Seattle, Washington 98104-2826	stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org

Opsyon #2: Tumawag sa Linya ng Reklamo ng Titulo VI sa 206.689.3302 at mag-iwan ng mensahe kasama ang sumusunod na impormasyon.

- Pangalan
- Petsa at oras ng tawag
- Maikling paglalarawan ng insidente (isama ang petsa at tinatayang oras ng insidente)
- Ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at ang pinakamainam na oras para makipag-ugnayan sa iyo

Opsyon #3: Kung kailangan ng tulong sa wika, tumawag sa 1-800-823-9230. Ikokonekta ng aming ahente sa serbisyo sa customer ang mga nagrereklamo sa isang interpreter. Ikokonekta ng interpreter at ahente sa serbisyo sa customer ang nagrereklamo sa opisina ng Titulo VI. Ibinibigay ang serbisyo Lunes-Biyernes mula 7AM-7PM (hindi kasama ang mga holiday sa U.S.).

Bukod pa sa mga opsyong ibinigay sa itaas, puwedeng direktang maghain ng reklamo ang isang tao sa Departamento ng Transportasyon ng U.S. (U.S. Department of Transportation) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento sa:


*U.S. Department of Transportation
Federal Transit Administration's Office of Civil Rights: Complaint Team,
East Building, 5th Floor – TCR
1200 New Jersey Avenue, SE
Washington, DC 20590*

O KAYA, tumawag sa 888-446-4511.


Ano ang mangyayari pagkatapos kong maghain ng reklamo?

Kapag natanggap ng Sound Transit ang isang reklamo, susubukan ng isang imbestigador ng Titulo VI na makipag-ugnayan sa nagrereklamo o itinalaga sa pamamagitan ng telepono sa loob ng 3 araw ng negosyo. Magbibigay-daan ito sa oportunidad para sa nagrereklamo para maglahad ng anumang detalye tungkol sa insidente na posibleng nauugnay sa imbestigasyon.

Proseso para sa paghahain ng reklamo sa pamamagitan ng Form sa Reklamo



Proseso ng paghahain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o email



Kung hindi matawagan ang nagrereklamo sa pamamagitan ng telepono, pagpapasyahan ng Sound Transit kung magsasagawa ito ng imbestigasyon batay sa impormasyong available. Kung hindi sapat ang impormasyon para sa isang imbestigasyon, hihiling ang imbestigador ng karagdagang impormasyon mula sa nagrereklamo. Bibigyan ang nagrereklamo ng 10 araw ng negosyo mula sa petsa ng kahilingan para maibigay ang impormasyon. Kung hindi kokontakin ng nagrereklamo ang imbestigador ng Sound Transit o hindi matatanggap ang karagdagang impormasyon sa loob ng kinakailangang timeline, posibleng pang-administratibong isara ng Sound Transit ang kaso. Posibleng pang-administratibong isara ang isang kaso kung hindi na gusto ng nagrereklamo na ipagpatuloy ang kanyang kaso.

Iimbestigahan ng Sound Transit ang mga reklamo sa Titulo VI kung saan ito may sapat na impormasyon. Susuriin ang reklamo para maberipika kung nasasaklawan ito sa ilalim ng Titulo VI at makakatanggap ang nagrereklamo ng liham ng pagkilala na nag-aabiso sa kanya tungkol sa pagpapasya.

Gaano katagal ang imbestigasyon sa Titulo VI?

Karaniwang natatapos ng Sound Transit ang isang imbestigasyon sa loob ng 90 araw mula sa pagtanggap ng isang reklamo, maliban na lang kung may tinukoy ang Sound Transit na mas mahabang panahon. Pagkatapos ng imbestigasyon, magbibigay ng isa o dalawang liham sa nagrereklamo: isang liham ng pagsasara o liham ng napag-alaman. Ibinubuod ng liham ng pagsasara ang mga alegasyon, inilalahad na hindi makakita ng paglabag sa Titulo VI, at inaabisuhan ang nagrereklamo na isasara ang kaso. Ibinubuod ng liham ng napag-alaman ang mga alegasyon at ipinapaliwanag kung inirerekomenda at/o dapat gawin ang anumang uri ng pagwawasto.

Ano ang aking mga opsyon kung hindi ako sasang-ayon sa mga napag-alaman ng isang imbestigasyon?

Puwedeng iapela ng isang nagrereklamo ang desisyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa Chief Executive Officer ng Sound Transit sa loob ng 15 araw ng negosyo mula sa petsa ng liham ng pagsasara o napag-alaman. Dapat tukuyin ng apela ang batayan para sa apela. Aabisuhan ng Chief Executive Officer ang nagrereklamo tungkol sa desisyon para tanggapin o tanggihan ang kahilingan para sa apela sa loob ng 10 araw. Sa mga kasong papahintulutan ang pag-apela, magbibigay ang Chief Executive Officer ng liham ng pagpapasya sa nagrereklamo kapag natapos ang pagsusuri ng apela.

Gaya ng nakasaad sa itaas, puwede ring direktang maghain ang isang tao ng reklamo sa Departamento ng Transportasyon ng U.S. (U.S. Department of Transportation).

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Sound Transit:

Para sa higit pang impormasyon sa Patakarang Titulo VI ng Sound Transit at sa mga pamamaraan sa paghahain ng reklamo, tumawag sa 206-689-3302 o mag-email sa stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org; o magpadala ng liham sa Sound Transit, Office of Civil Rights, Equity and Inclusion, Union Station; 401 South Jackson Street; Seattle, WA 98104-2826.